Mensahe Labing-isa

Mga Bituin, ang Lalaking-anak, ang mga Unang bunga, ang Ani, at ang Jaspe at Iba pang Mahahalagang Bato

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 1:20; 2:1; 12:1-11; 14:1-5; 21:9-11, 18-21

I. **Sa panahon ng pagbaba ng ekklesia, ang mga tapat na mananampalataya ay mga nagliliwanag na bituin, nagdadala ng buháy na patotoo ni Hesus—Apoc. 1:20:**

A. Ang makalangit na Kristo ay ang Bituin na lumalabas mula kay Jacob at ang tala sa umaga bilang gantimpala sa mga nananaig na mananampalataya—Bil. 24:17; Apoc. 2:28; 22:16-17.

B. Ang mga tapat na tagasunod ni Kristo ay mga nagliliwanag at buháy na bituin, yaong mga sumusunod kay Kristo bilang nagliliwanag at buháy na bituin—Mat. 2:2-12; Mik. 5:2; Dan. 12:3; Apoc. 1:20.

C. Ang mga buháy na bituin ay sumusunod sa makalangit, buháy, napapanahon, at kagyat na pangitain hinggil kay Kristo bilang sentralidad at unibersalidad ng ekonomiya ng Diyos—Gawa 26:16-18.

D. Ang mga buháy na bituin ay yaong mga nagpapala sa Diyos at nagpapala sa bayan ng Diyos; lalo nating pinupuri ang Panginoon para sa bayan ng Diyos at nagsasalita nang mabuti tungkol sa kanila sa loob ng pananampalataya, lalo nating inilalagay ang ating sarili sa ilalim ng pagpapala ng Diyos; ang mga nagsasalita nang positibo hinggil sa ekklesia ay tumatanggap ng pagpapala, ngunit ang mga nagsasalita nang negatibo ay naglalagay ng kanilang sarili sa ilalim ng sumpa—Bil. 24:9; Efe. 1:3; Awit 71:14; 103:1-5; 142:7; Gen. 12:2-3; Mat. 12:34-37.

E. Ang mga buháy na bituin ay nagbibigay-pansin sa mga salita ng propeta sa mga Kasulatan, "gaya ng sa isang ilawang nagliliwanag sa isang madilim na lugar," nang sa gayon si Kristo bilang tala sa umaga ay sumikat sa kanilang mga puso—2 Ped. 1:19; Juan 6:63; Apoc. 2:28.

F. Ang mga buháy na bituin ay nagtatamasa at napupuspos ng pitong ulit na pinatinding Espiritu upang gawin silang buháy na buháy at maliwanag na maliwanag para sa pagtatayo ng Diyos—3:1; 4:5; 5:6.

G. Ang mga buháy na bituin ay ang mga sugo ng mga ekklesia, yaong mga may pandinig upang makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia; natatamasa at nararanasan nila ang malahanging Kristo bilang Sugo ng Diyos at bilang sariwang mensahe mula sa Diyos nang sa gayon ay maipamahagi nila ang sariwa at kasalukuyang Kristo tungo sa bayan ng Diyos para sa patotoo ni Hesus—1:20—2:1; Mal. 2:7; 3:1-3.

H. Ang mga buháy na bituin ay may "mga dakilang pasya sa puso" at "mga lubusang pagsasaliksik ng puso"; sila ay mga mangingibig ng Diyos na katulad ng "mga bituin" sa "kanilang landas" upang makipaglaban kasama ng Diyos laban sa Kanyang kaaway nang sa gayon sila ay maging "gaya ng araw kapag sumisikat ito sa kalakasan nito"—Huk. 5:15-16, 20, 31; Dan. 11:32; Mat 13:43; cf. Dan. 7:25.

I. Ang "mga bituing gala" ay yaong mga hindi matibay na nakapirmi sa mga di-nagbabagong katotohanan ng makalangit na pahayag kundi pagala-gala sa gitna ng mala-bituin na bayan ng Diyos; upang maging mga di-natitinag na bituin para sa patotoo ng Diyos, kailangan tayong mag-ingat sa pitong uri ng mga tao na kapinsalaan sa ekklesia—Jud. 12-13, 19; cf. 1 Cor 3:17:

1. Si Ammon ay masaya nang ang santuwaryo ng Diyos (sumasagisag sa nagkatawang-taong Kristo na nagtatabernakulo sa lupa bilang pinaninirahang lugar ng Diyos—Juan 1:14) ay nalapastangan, nang ang mabuting lupain (sumasagisag kay Kristo kasama ang lahat ng Kanyang kayamanan at biyaya na ibinigay sa bayan ng Diyos—Col. 1:12) ay nasira, at nang ang sambayahan ni Judah (sumasagisag sa ekklesia—Heb. 3:6) ay tumungo sa pagkabihag; ang mga Ammonita ay sumasagisag sa mga namumuhi kay Kristo, sa biyaya ng Diyos, at sa ekklesia—Ezek. 25:3.
2. Ang mga Moabita ay nagalak nang makita na ang sambahayan ni Judah ay hindi na hiwalay sa mga bansa; samakatwid, sila ay sumasagisag sa mga nagnanais na dalhin ang ekklesia sa pagsapi sa sanlibutan at gawin ang ekklesia na kapareho ng mga bansa—b. 8; Apoc. 2:12.
3. Ang mga Edomita ay mga inapo ni Esau, ang kapatid ni Jacob, at sa gayon ay mga pinsan ng mga anak ni Israel (Gen. 36:1); ang Edom ay sumasagisag sa hindi naisilang na muling lumang tao, at ang Israel ay sumasagisag sa naisilang na muling bagong tao (Roma 6:6; Gal. 6:16; Fil. 3:3); ang Edom ay punô ng pagkamuhi sa Israel, patuloy na naghahangad ng paghihiganti—Ezek. 25:12.
4. Ang mga Filisteo ay namuhay nang napakalapit sa mabuting lupain at nakihalo pa sa mga Israelita; sila ay sumasagisag sa natural na tao ng mga relihiyosong tao; ang "mga Edomita" at ang "mga Filisteo" ang nagsasanhi ng pinakamalaking pinsala sa buhay-ekklesia—b. 15; 1 Cor. 3:12, 16-17.
5. Ang Tiro ay sumasagisag sa mga naghahangad ng makasanlibutang yaman at hindi nagpapahalaga sa mga interes ng Diyos—Ezek. 26:2; 28:12-15; cf. 1 Hari 7:13-14.
6. Ang Sidon ay dawag na tumutusok at tinik na nananakit sa sambahayan ng Israel; ang Tiro at ang Sidon ay itinuturing na magkapares, nagpapahiwatig na kung ang mga mananampalataya ay umiibig sa sanlibutan at nagpapahalaga sa makasanlibutang kayamanan, sila ay magiging mga dawag at mga tinik na pumipinsala sa buhay-ekklesia, humahadlang sa paglago ng buhay sa ekklesia bilang nilinang na lupain ng Diyos—Ezek. 28:21, 24; Mat. 13:22; 1 Cor. 3:9; cf. Apoc. 18:13.
7. Ang Ehipto ay isang bansa na dumepende hindi sa Diyos kundi sa sarili nitong pinagkukunan; ang mga Ehipcio ay kumakatawan sa mga tao na, hiwalay sa Diyos, ineensayo ang kanilang natural na karunungan upang paunlarin ang kanilang natural na pinagkukunan upang maging mayaman sa panustos at maging pinagmumulan ng panustos para sa iba—Ezek. 29:2-9; cf. Exo. 4:1-9.

II. Ang lalaking-anak ay sumasagisag sa mga mandaraig na nakikipagtulungan kay Kristo upang labanan ang Kanyang kaaway at upang ipasok ang kaharian ng Diyos—Apoc. 12:1-11:

A. Ang paraan upang maging lalaking-anak ay ang mapalakas tayo tungo sa ating panloob na tao, mapalakas upang maranasan ang kayamanan ni Kristo, at maging malakas sa pamamagitan ng pagsusuot ng kutamaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabasa-dalangin ng pumapatay na salita—Efe. 3:16, 18; 6:10-11, 17-18; Apoc. 1:16; 19:13-15.

B. "Kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan"—12:11:

1. "Ang dugo ni Hesus na Kanyang Anak ay naglilinis sa atin mula sa lahat ng kasalanan"—1 Juan 1:7.

2. Ang salita ng ating patotoo ay ang proklamasyon at deklarasyon sa iba ng mga dibinong katunayan ng tagumpay ni Kristo—1 Cor. 12:3b; 2 Cor. 4:13.
3. Ang hindi ibigin ang ating pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan ay nangangahulugang pinipili nating ibigin ang Panginoon sa sukdulan at hindi mamuhay sa pamamagitan ng ating sarili sa anumang paraan—Col. 1:17, 18b.

C. Si Abigail ay sumasagisag sa ekklesia na kaisa ng nakikipagdigmang Kristo upang makipaglaban para sa kaharian ng Diyos sa gitna ng mga pagdurusa—Mat. 12:3; 1 Sam. 25:42:
1. Ang naunang asawa ni Abigail, si Nabal (nangangahulugang "hangal"), ay nagpapakita kung gaano kasama ang ating lumang tao sa pagtalikod kay Kristo; hinamak, tinanggihan, at sinalungat ni Nabal si David sa panahon ng kanyang karukhaan—bb. 10-11, 25; cf. Kaw. 1:7; 13:20.
2. Kapag ang ating napasamang kalikasan, na tumatalikod, tumatanggi, at humahamak kay Kristo, ay napatumba, tayo ay nagiging kapareha ni Kristo na sumusunod sa Kanya sa gitna ng mga pagdurusa, nakikipaglaban para sa kaharian ng Diyos—1 Sam. 25:36-42; Apoc. 1:9.

D. Si Gideon at ang kanyang tatlong daang kalalakihan ay sumasagisag sa naihalong grupo ng mga mandaraig na nagkikipaglaban kasama ni Kristo upang ipasok ang Kanyang kaharian—Huk. 6:1-6, 11-35; 7:1-8, 19-25:
1. Sila ay laang magsakripisyo upang magamit ng Diyos para tuparin ang salita ng Diyos at isagawa ang Kanyang ekonomiya—bb. 1-8; 8:4.
2. Sila ang nakipaglaban at nagpagal, gayunman ang buong kongregasyon ang humabol sa kaaway at gumapas ng ani, sumasagisag na kapag tayo ay nanaig, ang buong Katawan ay napananauli—7:22—8:4; Col. 1:24; Awit 128:5.

III. Ang mga unang mandaraig ay ang mga unang nahinog sa bukid ng Diyos, ginapas bago ang ani bilang mga unang bunga sa Diyos at sa Kordero—Apoc. 14:1-5:

A. Ang raptyur ay hindi pangunahing para sa ating katamasahan kundi para sa katamasahan ng Diyos; kailangan nating ihanda ang ating sarili upang maraptyur hindi para sa ating kasiyahan kundi para sa katuparan ng layunin ng Diyos—12:5, 7-11; 14:1, 4b; 19:7.

B. Ang kahulugan ng raptyur ay ang madala tungo sa presensiya ng Panginoon; upang madala tungo sa presensiya ng Panginoon, tayo ay kailangang nasa presensiya Niya ngayon at matuto na maging malapit at magiliw sa ating pakikipag-ugnayan sa Panginoon, may pusong umiibig at nagpapahalaga sa Panginoon para sa Kanyang layunin—2 Cor. 2:10; 4:6-7; 1 Juan 1:3.

C. Ang pagraptyur ng mga mandaraig ay para talunin ang kaaway at bigyang-kasiyahan ang Diyos:
1. May pangangailangan ang Diyos na tayo ay maraptyur, maagaw paitaas patungo sa Kanya at sa Kanyang trono, nang sa gayon ay malabanan natin ang kaaway—Apoc. 12:5, 7-11.
2. Kailangan ng Panginoon ang lalaking-anak upang labanan ang Kanyang kaaway, subalit para sa Kanyang kasiyahan ay mas kailangan Niya ang mga unang bunga—14:1, 4b; cf. A. A. 8:6, 13-14.
3. Ang mga unang bunga ay ang mga pinakauna sa mga pananim ng Diyos na umabot sa paggulang—Col. 2:19; Heb. 5:14—6:1; Efe. 4:13; Fil. 3:15; cf. Luc. 21:36.
4. Ang mga unang bunga ay iraraptyur patungo sa bahay ng Diyos sa Zion bilang sariwang katamasahan sa Diyos para sa Kanyang kasiyahan—Exo. 23:19a; Lev. 23:10; cf. Roma 8:23.

D. Ang pagraptyur sa atin ay nakadepende sa ating pagiging gumulang sa dibinong buhay sa pamamagitan ng ating paglakad kasama ng Diyos—pagkuha sa Kanya bilang ating sentro at lahat-lahat at paggawa ng lahat ng bagay ayon sa Kanyang pahayag at pangunguna—Gen. 5:22-24; Heb. 11:5-6.

E. Ang ani, na sumasagisag sa karamihan sa mga mananampalataya, ay mahihinog nang mas huli kaysa sa mga unang bunga; ang ani ay gagapasin ni Kristo bilang Manggagapas sa pagtatapos ng matinding kapighatian sa Kanyang pagbabalik na nakaupo sa puting ulap—Apoc. 14:14-16.

IV. Ang mga nananaig na mananampalataya ay isinasagisag ng jaspe at iba pang mahahalagang bato—21:9-11, 18-21:

A. Ang jaspe ay sumasagisag sa anyo ng Diyos na nagliliwanag na may kaluwalhatian ng Diyos bilang liwanag ng Bagong Herusalem para sa kahayagan ng Diyos—4:3; 21:11, 18-19.

B. Ang iba pang mahahalagang bato ay sumasagisag sa kayamanan ng kagandahan ni Kristo sa iba't ibang aspekto para sa pundasyon ng walang hanggang pinaninirahan ng Diyos—bb. 19-21.

C. Sa pamamagitan ng humahatol na Espiritu, nagniningas na Espiritu, at dumadaloy na Espiritu—ang Panginoong Espiritu—tayo ay tinatransporma sa pamamagitan ng mga karanasan sa kayamanan ni Kristo bilang Diyos ng pagkabuhay na muli na natamo sa pamamagitan ng mga pagdurusa, mga umuubos na panggigipit, at pumapatay na gawain ng krus—Isa. 4:4; 11:2; Juan 4:14b; 2 Cor. 1:8-9.

D. Sa pamamagitan ng proseso ng transpormasyon, tayo ay nagmamapuri sa ating mga kahinaan at nagmamapuri kay Kristo Hesus nang sa gayon ang kapangyarihan ni Kristo bilang biyaya ay magtabernakulo sa atin—b. 12; 11:30-33; 12:7-9; Roma 5:3; 1 Cor. 1:29-31; Fil. 3:3.

E. Sa pamamagitan ng ating paglago sa dibinong buhay sa loob ni Kristo bilang buháy na bato, tayo ay tinatransporma tungo sa mahahalagang bato; sa pamamagitan ng proseso ng transpormasyon, ang Tres-unong Diyos ay naisasagawa tungo sa atin at naibubuong kasama natin sa kapurihan ng kaluwalhatian ng Kanyang biyaya na Kanyang ipinambiyaya sa atin sa loob ng Minamahal upang tayo ay maging ang Bagong Herusalem bilang kongklusyon ng buong Biblia at mabuting balita sa buong sansinukob—1 Ped. 2:4; 1 Cor. 3:12a; Efe. 1:6; Apoc. 21:18-21.

© 2026 Living Stream Ministry